

Ika-Labing-isang Linggo sa Karaniwang Panahon

Exodo 19:2–6; Roma 5:6–11; Mateo 9:36–10:8

PANIMULA

Minsan ay napansin ng isang magsasaka ang isang agila na lumaking kasama ng mga manok sa bakuran. Kumakalkal ito sa lupa tulad ng iba, tumatakbo nang paikot-ikot tulad ng iba, at hindi nito itinataas ang kanyang paningin nang malayo sa ibabaw ng lupa. Isang araw, nang makita niyang saglit itong tumingin paitaas, marahan niya itong kinuha, dinala sa mataas na bangin, at itinapat sa hangin.

Noong una ay natakot ang ibon. Pumapagaspas ito nang alanganin at hindi sigurado sa sarili at muntik na ring mahulog. Ngunit may isang bagay na mas malalim sa kanyang kalooban ang nabuhay—isang bagay na hindi nito kailanman natutunan ngunit hindi rin kailanman nawala sa kanya. Ibinuka nito ang kanyang mga pakpak at lumipad.

Hindi ito naging isang bagong nilalang. Ito ay naging kung ano talaga siya sa simula pa.

Iyan ang nakatagong kuwento ng pananampalataya. Marami sa atin ang nabubuhay na nakatuon lamang sa mga pang-araw-araw na alalahanin, nakagawian, at mga takot. Ngunit hindi tayo pinababayaan ng Diyos sa kalagayang iyon. Binubuhat niya tayo, tinatawag, at unti-unting ginigising sa atin ang ating nalimutan: na tayo ay sa kanya, na tayo ay minamahal, at na tayo ay nilikhang umangat.

Pinatitibay tayo ng mabuting Diyos sa pamamagitan ng kanyang pag-ibig; tinatawag tayo ni Hesus upang sumunod sa kanya; hinihikayat tayo ng Espiritu ng Diyos; at ang Diyos na Tatlong Persona ay nabubuhay at kumikilos sa ating kalagitnaan. Nawa'y ang Panginoong Diyos ay sumainyo!

Gayunman, madalas nating tinatanggi ang biyayang ito na nagtataas sa atin. Kumakapit tayo sa lupa, nalilimutan kung sino tayo, at namumuhay na parang ang takot ang may huling salita. Kaya't lumapit tayo sa Panginoon at hilingin natin sa kanya na tayo'y patawarin, pagalingin, at muling ibangon tungo sa kalayaan ng kanyang mga anak.

HOMILIYA:

“BINUHAT, PINILI, AT ISINUGO: ANG DIYOS NA HINDI SUMUSUKO”

Ang Agilang Nag-akalang Siya ay Isang Manok

May isang matandang kuwento tungkol sa isang agila na lumaking kasama ng mga manok sa isang bakuran. Natuto itong kumalkal sa lupa, tumakbo nang paikot-ikot, at namuhay na mababa ang lipad at nakatuon lamang sa lupa. Isang araw, napansin ng isang magsasaka na sandali itong tumingin paitaas sa kalangitan. Kinuha niya ang ibon, dinala sa mataas na bangin, at marahang pinakawalan.

Noong una ay pumapagaspas ito nang alanganin at hindi sigurado sa sarili. Ngunit may isang bagay na malalim sa kanyang kalooban ang nagising. Ibinuka nito ang kanyang mga pakpak—at lumipad.

Hindi ito naging isang bagong nilalang. Sa wakas ay naging kung ano talaga siya sa simula pa.

Ang kuwentong iyon ay kuwento ng pananampalataya.

Sapagkat ang pananampalataya ay hindi una sa lahat tungkol sa pagiging relihiyoso. Ito ay tungkol sa pagtuklas kung sino tayo sa mga kamay ng Diyos: binubuhat, minamahal, pinili, at isinugo.

1. Ang Diyos na Nagbubuhat Bago Mag-utos

Sa unang pagbasa, nagsalita ang Diyos sa Israel nang may di-malilimutang lambing:

“Binuhat ko kayo sa mga pakpak ng agila at dinala ko kayo sa aking sarili.”

May isang magandang larawan mula sa kalikasan na tumutulong upang maunawaan natin ito. Kapag tinuturuan ng isang agila ang kanyang mga inakay na lumipad, hindi niya basta itinutulak ang mga ito sa himpapawid at umaasang magiging maayos ang lahat. Ginagambala niya ang pugad. Dahan-dahan niya silang itinutulak patungo sa gilid. At kapag nahuhulog sila dahil sa takot, mabilis siyang sumasalubong sa ilalim at binubuhat sila sa kanyang mga pakpak.

Hindi ito isang Diyos na parang sobrang mapanghimasok na magulang—laging nakabantay, kumokontrol, at nababalisa. Ito ay Diyos na umaakay sa kanyang bayan tungo sa kalayaan, kahit na may kaakibat itong panganib, kahit na ang paglago ay may kasamang pagkadapa.

Una munang binuhat ang Israel mula sa pagkaalipin, pinalabas sa dagat, at inakay sa disyerto. Pagkatapos lamang nito, nagsalita ang Diyos tungkol sa tipan:

“Kayo ang magiging aking natatanging bayan, isang kaharian ng mga pari, isang bansang banal.”

Una ang biyaya. Pagkatapos ang pananagutan.

Una ang pagliligtas. Pagkatapos ang misyon.

At ang tanong na tahimik na itinatanong sa bawat isa sa atin ay hindi:

“Hahayaan ba akong mahulog ng Diyos?”

Kundi:

“Magtitiwala ba ako sa Diyos na nagbubuhat sa akin kahit ako ay nadadapa?”

2. Ang Diyos na Nagmamahal Bago Tayo Maging Karapat-dapat

Sinabi ni San Pablo ang isang katotohanang bumabaligtad sa karaniwang pag-iisip ng tao:

“Namatay si Kristo para sa atin noong tayo ay mga makasalanan pa.”

Hindi noong tayo ay bumuti na.

Hindi noong tayo ay naging karapat-dapat na.....kahanga-hanga. Kundi habang tayo ay mahihina pa.

May isang tagpo sa Ebanghelyo na nagpapakita kung ano ang kahulugan nito sa tunay na buhay: lumuhod si Hesus at hinugasan ang mga paa ng kanyang mga alagad.

Isa-isa.

Hinugasan niya ang mga paa ni Juan—ang minamahal na alagad. Iyan ay inaasahan na.

Ngunit hinugasan din niya ang mga paa ni Judas—ang magkakanulo sa kanya.

At ang mga paa ni Pedro—ang magkakaila sa kanya.

Alam niya ang lahat ng mangyayari. At gayunman, lumuhod pa rin siya.

May isang guro na minsang nagsabi tungkol sa isang estudyanteng nahihirapan:

“Hindi ko siya sinusukat ayon sa kung nasaan siya ngayon, kundi ayon sa kung saan siya maaaring makarating.”

Ganyan magmamahal ang Diyos. Hindi batay sa pagkalkula, kundi batay sa pagtawag.

At ang pag-ibig na ito ay hindi lamang isang halimbawa na dapat tularan—ito ay ibinubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kaya maging ang pagmamahal sa mga kaaway ay nagiging posible, hindi dahil tayo ay malakas, kundi dahil ang pag-ibig ni Kristo ay nananahan sa atin.

3. Isang Daigdig na Parang mga Tupang Walang Pastol

Pagkatapos ay ibinabaling ng Ebanghelyo ang ating pansin sa kalagayan ng tao:

“Nahabag siya sa kanila sapagkat sila’y parang mga tupang walang pastol.”

Ang isang masikip na shopping mall sa isang Sabado ng hapon ay maaaring larawan nito sa ating panahon: mga taong nagmamadali, bakas ang tensyon sa kanilang mga mukha, nakatuon ang mga mata sa kani-kanilang pupuntahan, at mabigat ang kanilang mga balikat.

Hindi balisa. Hindi payapa. Maging ang oras ng paglilibang ay tila isa ring uri ng pigapit.

Minsan ay sinabi ng isang negosyante:

“Palagi akong konektado, ngunit bihira akong magkaroon ng malinaw na direksiyon.”

May isa namang umamin:

“Mas marami akong impormasyon kaysa dati, ngunit mas kaunti ang kalinawan ng aking isipan.”

Ito ay isang kakaibang uri ng pagkapagod—hindi lamang pisikal na kapaguran, kundi panloob na pagkalito at pagkawala ng direksiyon.

Parang isang kawan na gumagala nang walang patutunguhan.

Parang isang mundong puno ng pagkilos ngunit kapos sa kahulugan.

At gayunman, hindi nawawalan ng pag-asa si Hesus.

May sinabi siyang nakakagulat:

“Marami ang aanihin.”

Sa madaling salita, mas handa ang puso ng tao kaysa sa ating inaakala.

Mas marami ang naghahanap. Mas marami ang bukas ang loob.

Mas marami ang pagkagutom para sa kahulugan at layunin sa buhay.

May isang magsasaka na minsang nakatayo sa kanyang bukirin matapos ang taglamig at nagsabi:

“Iniisip ng mga tao na walang tumutubo rito. Ngunit kung makikinig kang mabuti, buhay na ang lahat sa ilalim ng lupa.”

Ganiyan din ang pagtingin ni Hesus sa mundo—nakikita niya ang aanihin, hindi lamang ang krisis.

4. Ang Kakulangan ay Hindi sa mga Tao—Kundi sa mga Saksi

Ngunit dito lumilitaw ang hamon:

“Marami ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa.”

Hindi dahil walang mga tao. Kundi dahil kakaunti ang handang maipadala.

Kakaunti ang naniniwalang ang kanilang buhay ay maaaring maging mahalaga para sa iba.

Kakaunti ang nagtitiwalang ang kanilang tinanggap ay sapat na mahalaga upang ibahagi.

Sa isang parokya na nagmumuni-muni tungkol sa bumababang bilang ng mga nakikilahok sa buhay-simbahan, may isang taong tahimik na nagsabi:

“Marahil ang problema ay hindi dahil walang maibibigay ang Simbahan, kundi dahil hindi na tayo naniniwalang may taglay tayong bagay na karapat-dapat ibahagi.”

Mas malalim ang tama ng pahayag na iyon kaysa sa anumang usapin tungkol sa mga estruktura o estadistika.

Sapagkat ang tunay na kakulangan ay hindi kakulangan sa tao.

Kundi kakulangan sa matibay na pananalig at paninindigan.

Kaya naman hindi nagsisimula si Hesus sa mga plano o estratehiya.

Nagsisimula siya sa panalangin:

“Humingi kayo sa Panginoon ng anihan.”

Ang panalangin ay hindi pagtakas sa pananagutan.

Ito ay muling pagkilala na tayo ay umaasa sa Diyos.

Ngunit ang sinumang taimtim na mananalangin nito ay maaaring makarinig kalaunan ng isang nakakabagabag na tugon: **“At ikaw—handa ka bang humayo?”**

5. Pinili—Ngunit Hindi Awtomatikong Tapat

Sa puntong ito, nagiging napakatotoo ng Ebanghelyo.

Tinawag ni Hesus ang labindalawang alagad. Labindalawa, tulad ng labindalawang lipi ng Israel—isang tanda ng panibagong bayan ng Diyos.

Binigyan niya sila ng kapangyarihan.

Isinugo niya sila. Ipinagkatiwala niya sa kanila ang kanyang misyon.

At gayunman, sa huli ng kuwento, nabigo nila siya.

May isang nagtaksil sa kanya. May isang nagkaila sa kanya.

Ang iba naman ay nagsitakas. May isang seryosong katotohanan dito:

Ang pagiging pinili ay hindi garantiya ng pagiging tapat.

Minsan ay nagmuni-muni ang isang maliit na pamayanan tungkol sa kanilang sariling buhay at nagsabi:

“Akala namin ang pakikilahok ay katumbas na ng pagtatalaga ng sarili. Ngunit ang pakikilahok ay hindi kapareho ng pagiging tunay na alagad.”

Si Judas ay hindi isang tagalabas. Kasama siya sa pinakaloob na pangkat.

Hindi ito itinatago ng Ebanghelyo. Ipinahahayag nito ang katotohanan nang walang palamuti o pagtatakip.

6. Ngunit Hindi Kabiguan ang Huling Salita

At gayunman—dito nagiging kamangha-mangha ang Ebanghelyo—ang kabiguan ay hindi ang wakas. May isang hardinero na minsang nagsabi:

“Ang pagpuputol ng mga sanga ay tila pagkawala, ngunit paghahanda ito para sa paglago.”

Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, bumalik si Hesus sa mismong mga alagad na nabigo sa kanya. Hindi niya sila pinalitan. Sa halip, ibinalik niya sila at muling pinagtibay.

Muli niya silang isinugo.

Si Pedro na nagkaila sa kanya ay naging Pedro na nangaral tungkol sa kanya.

Si Pablo na umusig sa Simbahan ay naging Pablo na nagdala ng Mabuting Balita sa iba't ibang panig ng mundo.

Isinulat mismo ni Pablo:

“Habang tayo ay mga makasalanan pa, namatay si Kristo para sa atin.”

Hindi naghihintay ang Diyos na maging perpekto tayo. Nagsisimula siya sa awa.

At kalaunan ay sinabi ni San Agustin:

“Ikaw ay nasa loob ko, ngunit ako ay nasa labas.”

Iyan ang mahalagang pagbabagong nagaganap sa buhay ng pananampalataya:

Hindi tayo ang unang nakatagpo sa Diyos.

Kundi ang Diyos ang hindi kailanman tumitigil sa paghahanap sa atin.

7. “Tinanggap Ninyong Walang Bayad, Kaya Magbigay Rin Nang Walang Bayad”

Pagkatapos ay nagbigay si Hesus ng isang payak ngunit napakalalim na tagubilin:

“Tinanggap ninyo nang walang bayad, kaya magbigay rin kayo nang walang bayad.”

Naalala ng isang pari na minsan niyang inawit ang linyang ito sa isang grupo ng mga nananalangin:

“Freely, freely you have received; freely give.”

(“Tinanggap ninyo nang walang bayad; kaya magbigay rin nang walang bayad.”)

May napansin siyang kakaiba:

Masayang inaawit ito ng mga tao, ngunit maingat at nag-aatubili naman nila itong isinasabuhay.

Sapagkat sa katotohanan, mas mahirap tumanggap kaysa magbigay.

Mas gusto nating paghirapan at pagbayaran ang lahat ng ating natatanggap.

Ngunit ang biyaya ay hindi maaaring pagtrabahuhan o kitain.

Ito ay maaari lamang tanggapin—at pagkatapos ay ibahagi.

May isang lalaking nagtangkang bayaran ang taong tumulong sa kanya matapos siyang mabigo sa buhay. Ngunit sinabi ng tumulong:

“Kung babayaran mo ako, magiging isang transaksyon lamang ito. Hayaan mong manatili itong isang regalo.”

Iyan ang paraan ng Ebanghelyo: Una ang kaloob. Pagkatapos ang misyon.

8. Mula sa Pagbubuhat, Patungo sa Pagmamahal, Hanggang sa Pagsusugo

Kaya malinaw ang daloy ng Ebanghelyo ngayong araw:

Tayo ay binubuhat—gaya ng Israel na dinala sa mga pakpak ng agila.

Tayo ay minamahal—sapagkat habang tayo'y mga makasalanan pa, namatay si Kristo para sa atin.

Tayo ay tinatawag—kahit tayo ay nagkukulang at nabibigo.

At tayo ay isinusugo—sa isang anihan na inihanda na ng Diyos.

Isang maliit na pangkat ng mga alagad ang minsang nagpabago sa mundo.

Hindi dahil sila ay malalakas. Kundi dahil sila ay binuhat ng Diyos.

At hanggang ngayon, ang parehong Diyos ay nagsusugo pa rin ng mga ordinaryong tao—mga magulang, guro, manggagawa, kabataan at matatanda—hindi dahil sila ay perpekto, kundi dahil sila ay handang tumugon.

Pangwakas na Kuwento: Ang Agilang Nakalimutang Kaya Niyang Lumipad

May isa pang bersiyon ng kuwento tungkol sa agila. Isang agila ang pinalaking kasama ng mga manok. Lumaki itong iniisip na sa lupa lamang siya nababagay.

Hindi siya kailanman tumingala.

Isang araw, dinala siya ng isang lalaki sa tuktok ng bundok, hinawakan sa kanyang mga kamay, at marahang ibinuka ang kanyang mga bisig.

Noong una ay nanginig ang agila. Pagkatapos ay nag-atubili. Ngunit may isang bagay na malalim sa kanyang kalooban ang muling nakaalala kung sino siya.

At siya'y pumaimbulog sa himpapawid. Hindi siya naging isang bagong nilalang.

Siya ay naging kung ano talaga siya noon pa man.

Iyan ang paglalakbay ng pananampalataya.

Hindi tayo unang hinihingan na maging malakas.

Tayo ay inaanyayahang magtiwala sa Diyos na nagbubuhay sa atin.

Hindi tayo unang hinihingan na maging karapat-dapat.

Tayo ay inaanyayahang tanggapin ang Diyos na nagmamahal sa atin.

Hindi tayo unang hinihingan na maging perpekto.

Tayo ay inaanyayahang maging bukas at handa para sa Diyos na nagsusugo sa atin.

Kaya't isang payak ngunit napakahalagang tanong ang nananatili:

Magtiwala ba tayo sa kanya nang sapat upang tayo'y mabuhay, mahalina, at maisugo?

Amen.

- **Translated by William Valdez, Jr., Perth**